| PhilHealth — Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
|---|---|---|
| | **Circular No.** | **2022-0015** |
| | **Title** | **Criteria for Coverage of Drugs Used in the Management of COVID-19 that are not in the Philippine National Formulary** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang pamantayan na ginamit ng PhilHealth para bayaran ang paggamit ng mga gamot na hindi kasama sa Philippine National Formulary (PNF)? | Ang pamantayan na ginamit ng PhilHealth sa mga gamot na hindi kasama sa PNF ay ang lahat ng mga sumusunod:<br><br>a) Ang gamot para sa COVID-19 ay dapat na may positibong rekomendasyon mula sa Health Technology Assessment Council (HTAC);<br>b) Ang gamot para sa COVID-19 ay dapat na nakarehistro sa Food and Drugs Administration (FDA) na maaaring alinman sa mga sumusunod:<br>1. Emergency Use Authorization (EUA); Or<br>2. Certificate of Product Registration (CPR) at mayroong Certificate of Product Registration for Drugs under Emergency Use (DEU) for COVID-19 use;<br>c) Ang gamot ay kasama sa Philippine COVID-19 Living Recommendations.<br><br>Kung ang gamot (non-PNF) na panglunas sa sakit ng COVID-19 ay hindi kasama sa panlokal na pamantayan, ang rekomendasyon ng World Health Organization (WHO) ay ang siyang magsisilbing batayan ng PhilHealth sa pagdedesisyon kung babayaran ang paggamit ng naturang gamot. |
| 2. Paano babayaran ng PhilHealth ang mga gamot na panglunas sa sakit na COVID-19? | Ang mga gamot na panglunas sa sakit na COVID-19 na wala sa PNF ay kailangan munang maaprubahan ng Pangulo at Punong Tagapangasiwa ng PhilHealth (PCEO) at kasunod nito ay ang paglalathala ng mga naaprubahang gamot sa pamamagitan ng PhilHealth Advisory na ilalathala sa pahayagan at makikita sa opisyal na website ng PhilHealth. |
| 3. Saang benepisyo ng PhilHealth magagamit ang mga naaprubahang gamot para sa sakit na COVID-19? | Ang naaprubahang non-PNF na mga gamot ay kailangang ginamit sa mga sumusunod na benepisyo:<br><br>1. Inpatient COVID-19 Benefit Package<br>2. Full Financial Risk Protection for Filipino Health Worker Infected with COVID-19 |

| | |
|---|---|
| 4. Ano ang magiging dahilan ng pagsuspinde o pagtanggal ng exemption ng gamot (non-PNF) na panglunas sa sakit na COVID-19 na naaprubahan ng PhilHealth? | Ang pagsuspinde o pagtanggal ng exemption ay alinman sa mga sumusunod na mga pangyayari:<br><br>1. Pagkapaso, pagbawi, pagsuspinde o pagwawakas ng inisyu na registration mula sa Food and Drug Administration (FDA);<br><br>2. Pagbabago o pagkakaalis sa mga gamot na may positibong rekomendasyon mula sa HTAC;<br><br>3. Kapag naalis ang gamot sa Philippine COVID-19 Living Recommendations o sa batayan ng World Health Organization (WHO). |
| 5. Ano ang epekto ng pagsuspinde o pagtanggal ng exemption para sa inaprubahan gamot (non-PNF)? | Hindi na maaaring bayaran ng PhilHealth ang paggamit ng naturang gamot simula sa araw na maglabas ng PhilHealth Advisory na naglalaman ng listahan ng mga gamot na nasuspinde o natanggal ang exemption. |



CERTIFIED ISO 9001:2015 COMPANY

PhilHealthofficial teamphilhealth actioncenter@philhealth.gov.ph